**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Friday 23 May 2003 (afternoon)
Vendredi 23 mai 2003 (après-midi)
Viernes 23 de mayo de 2003 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works, will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Traiter un sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay sa isang akdang nasa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na hindi ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay hindi mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Isang manunulat ang nagsabing ang nobela ay may layuning magturo ng aral. Maghambing ng dalawa o higit pang nobelang napag-aralan na at ipakita kung hanggang saan naipakita ng mga nobelang ito ang katotohanan ng sinabi ng manunulat. Gayundin, talakayin kung gaano naging mabisa ang mga kasangkapang ginamit ng mga awtor para matamo ang layuning magturo ng aral.

*o ito:*

(b) Ang pagpapakita ng mga pagbabagong sikolohikal ng mga pangunahing tauhan ng nobela ay mahalagang kasangkapan ng awtor sa karakterisasyon ng mga tauhan. Buhat sa mga nabasa mo nang dalawa o higit pang nobela, sabihin kung gaano naging matagumpay ang mga pamamaraang ginamit ng mga may-akda para maipakita ang mga ganitong pagbabago.

**Maikling Kuweuto**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Pumili ng dalawa o higit pang akdang napag-aralan mo na at talakayin kung anong mga istruktura ng pagsasalaysay ang ginamit ng mga awtor, saka tukuyin kung gaano naging mabisa ang mga pamamaraang ito.

*o ito:*

(b) Sa mga napag-aralan mo nang maikling kuwento, anu-anong kasangkapan o pamamaraan ang ginamit ng mga awtor upang lumikha ng mga ninanais nilang atmospera, at ano ang mga naging bunga ng mga ito?

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Sa paglalahad ng paksa o mga paksang nakapaloob sa dula, madalas na naipakikita ng may-akda ang personal niyang saloobin tungkol dito. Sa mga dulang nabasa mo na, talakayin kung paano natin nasalamin ang sari-sariling saloobin ng sumulat, at sabihin din kung gaano naging malinaw sa atin ang mga saloobin nila sa pamamagitan ng mga pamamaraang ginamit.

*o ito:*

(b) Maghambing ng dalawa o tatlong tauhan buhat sa iba't ibang dulang napag-aralan mo na. Ituon ang paghahambing sa kanilang personalidad, saka talakayin ang naging bisa ng kani-kanilang katauhan sa pagkaunawa mo at pagpapahalaga sa mga dula.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito*:

(a) Ayon sa isang pampanitikang kritikong Filipino, ang panulaan ang "ugat at korona" sa paggamit ng wika. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin nito? Sa pag-aaral mo ng dalawa o higit pang tula, gaano ka sumasang-ayon o di-sumasang-ayon sa pahayag na ito?

*o ito:*

(b) Paano mo mailalarawan ang mga imahe (images) at simbolismong ginamit ng mga makatang Filipinong napag-aralan mo? Gaano naging epektibo ang mga imahe at simbolismo sa mga akdang ito?

**Iba Pang Mga Akdang Prosa**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Hanggang saan at sa anong mga pamamaraan naipakita ng mga awtor ang kani-kanilang tradisyong pangkultura sa mga akdang napag-aralan mo na?

*o ito:*

(b) Sa mga talambuhay na nabasa mo, anong istruktura ng pagsasalaysay ang inaakala mong pinakakawili-wili at pinakamabisa? Ipaliwanag at pangatwiranan ang iyong sagot.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Ang kalabuan (ambiguity) ng ilang bagay-bagay sa isang akda ay epektong maaaring matagpuan ng mambabasa sa mga akdang pampanitikan. Magkagayunman, ang ganito ay nagbibigay sa mambabasa ng kalayaang makabuo ng sariling interpretasyon ng mga kahulugan. Sa pagbabasa mo ng panitikan, gaano ka sumasang-ayon o di sumasang-ayon sa pahayag na ito?

*o ito:*

(b) Ang mga awtor ay may iba't ibang pamamaraan ng pagpapahayag ng kanilang damdamin. Buhat sa mga nabasa mo na at napag-aralan, ipaliwanag at talakayin ang pahayag na ito, at sabihin kung anong mga epekto ang nalikha sa mga mambabasa.

*o ito:*

(c) Ang isang dakilang akdang pampanitikan ay karaniwang may taglay na halina ng sariling bansa, at may halina ring pang-unibersal. Talakayin ang pangungusap na ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga akdang nabasa na.

*o ito:*

(d) Anong iba't ibang pamamaraan o istilo ang ginagamit ng mga awtor sa mga akda nila para mabigyan ng diin ang pangunahing tema ng kanilang sinulat?